MGA CASUAL PLUS NA KONTAK

Ikaw ay nagpunta sa kaparehong lugar (Lokasyon ng Interes) kasabay ng isang tao na may nakakahawang COVID-19. Ito ang kailangan mong gawin.

Manatili sa bahay at magpasuri?
Walang bayad ang mga pagsusuri

OO
Manatili sa bahay, magpasuri **kaagad at sa day 5.** Manatili sa bahay hanggang makakuha ka ng negatibong resulta ng pagsusuri.

Dapat kang magpasuri **kaagad at limang (5) araw makalipas** ang araw na huli kang nalapit sa taong may COVID-19.

Manatili sa bahay **hanggang sa makakuha ka ng negatibong resulta (Day 5 o malaunan)** at nakabukod sa ibang kasambahay kung maaari.

Nangangahulugan ito na hindi ka maaaring pumasok sa trabaho o lumabas para mag-ehersisyo. Mamili ka sa online o hilingan ang pamilya/mga kaibigan na kunin ang pagkain at mga gamot.

Positibong pagsusuri: Mayroon **kang** COVID-19 (Tatawagan ka ng Pampublikong Kalusugan).

Mayroong suportang pinansyal para sa mga tao na kakailanganing manatili sa bahay sanhi ng COVID-19.

Antabayanan ang mga sintomas?

OO
14 na araw makaraang ikaw ay huling napalapit sa tao na may COVID-19.

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring kabilangan ng isa o higit pa sa mga sumusunod: *Bago o lumalalang ubo, lagnat, pangangapos ng hininga, masakit na lalamunan, tumutulong sipon, pansamantalang pagkawala ng pang-amoy/panlasa.*

Ang ilang mga tao ay maaaring dumanas din ng: *Pagtatae, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagduruwal, pagkalito, pagkayamot.*

Kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas — kahit na negatibo ang iyong pagsusuri dati — kaagad kang magpasuring muli at manatili sa bahay, na nakabukod sa ibang mga kasambahay hangga't maaari, hanggang sa:

- Makakuha ka ng negatibong resulta, **at**
- 24 na oras matapos mawala ang iyong mga sintomas.

Para sa impormasyon tungkol sa testing centre, tawagan ang Healthline sa (**0800 358 5453**) o bisitahin ang healthpoint.co.nz/covid-19/

Ang mga kasambahay mo ba ay may kailangang gawin?

HINDI
Maliban kung **sila** ay magkakaroon ng mga sintomas.

Sinumang may mga sintomas ay kailangang tumawag sa Healthline, magpasuri at manatili sa bahay hanggang sa:

- Sila ay makakuha ng negatibong resulta, **at**
- 24 na oras makaraang mawala ang kanilang mga sintomas.

Ang tao na may mga sintomas ay dapat bumukod mula sa ibang kasambahay hangga't maaari.

Manatili sa bahay hanggang sa makatanggap ka ng negatibong resulta ng pagsusuri. Manatili sa bahay kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas. Manatili sa bahay hanggang sa ikaw ay lubusan nang magaling.

Tawagan ang Healthline kung magkakaroon ka ng mga sintomas o kailangan mo ng payo: I-dial ang **0800 358 5453**. Kung nahihirapan kang huminga, tumawag ng ambulansya: I-dial ang **111**.